

Ang *refrigerator* o ref ay isa sa mga kasangkapan natin sa bahay na komukunsumo ng malaking bahagi ng kuryente. Ang naturang kasangkapan ay gumagamit ng labinlimang porsiyento (15%) hanggang dalawampung porsiyento (20%) ng kabuuang paggamit ng enerhiya sa bahay. Kung ang refrigerator ay may labinlimang taon (15) ng ginagamit, makabubuting palitan na ito ng bago upang higit na makatipid. Kung ating paka-iisipin, mas mainam bumili ng makabago at epeisyenteng modelo ng ref na mas mahal kaysa sa gumamit ng di-episyenteng modelo.




### Ang Refrigerator at Ang Paggamit ng Kuryente



Ang kuryenteng kinukunsumo ng refrigerator ay ginagamit upang mapanatiling di-mag-init ang kabinet nito. Sa ngayon, ang makabagong modelo ng ref ay may mainam na insulasyon, may episyenteng kompresor at tamang pangkontrol. Ang pagbilis o pagbagal ng paggana ng ref ay ayon sa insulasyon ng kabinet, temperatura ng kapaligiran, pangangasiwa nito, at sa masinop na paggamit upang makatipid ng kuryente.

### Ang Tamang Paraan ng Pag-defrost

Ang pagde-defrost ng ref ay maaaring manwal, parsyal na pag-otomatik na nangangailangan din ng manwal na pagdefrost ang freezer at ang otomatikong pagdefrost. Ang otomatikong pagdefrost ay katumbas ng dobleng kuryenteng ginagamit sa manwal na pagdefrost, ngunit ang natipid na enerhiya ay nawawala kung ang namuong yelo ay humigit sa kapat (1/4) na pulgada. Kung ayaw natin ng manwal na pagdefrost, pumili tayo ng modelo na otomatikong nagdedefrost.



### Epekto ng Paggawa ng Yelo at Paggamit ng Door Dispenser



Ang paggawa ng yelo at pagdispense nito sa pamamagitan ng door dispenser ay nagpatataas ng pagkonsumo ng kuryente ng labing-apat hanggang dalawampung porsiyento (14% - 20%). Nagdudulot din ito ng pagtaas ng inisyala na halaga ng kuryenteng nagagamit.

### Mga Tips Upang Makatipid ng Kuryente

#### Lokasyon ng Paglalagay ng Ref

I wasang ilagay ang ref malapit sa kalan, lababo o sa mga lugar na nasisikatan ng araw. I layo ng dalawang (2) pulgada ang ref mula sa nasabing lugar para sa maayos na sirkulasyon ng hangin.

#### Pangangalaga at Paglilinis



Linisin ang *condenser* sa pamamagitan ng bakyum (vacuum) o ng brush minsan isang taon.

Linisin ang selyo ng pintuan. Siguraduhin na walang sumisingaw na lamig.

## Paggamit sa Araw-araw

Takpan ang mga likido at mga pagkaing iniimbak sa *refrigerator*. Huwag gumamit ng papel na pantakip.

Hayaang palamigin ang pagkain bago ilagay sa ref.

Iwasan ang malimit na pagbukas-sara. Siguraduhin na nakasarado ng mabuti ang pintuan ng ref.

Kung ang *refrigerator* ay halos wala ng laman, maglagay ng ilang boteng may tubig para mapanatili ang lamig nito.

Iwasan ang paglalagay ng sobrang laman sa ref upang maging maayos ang internal na sirkulasyon ng hangin. Kung hindi naman ginagamit ang ref, patayin na lang ito upang makatipid.



Department of Energy

# Tipid Tips sa Paggamit ng Refrigerator

DEPARTMENT OF ENERGY  
Consumer Welfare and Promotion Office  
Energy Center, Fort Bonifacio,  
Taguig, MM  
Hotline: (02)840-2267  
Trunkline: (02) 840-1401 to 21 loc. 329

You may also text in your suggestions,  
comments, queries and complaints.  
Just type: DOE <space> <message>  
and then send to 2920  
(for Globe and Smart subscribers only)

check our website at:  
[www.doe.gov.ph/neccp/](http://www.doe.gov.ph/neccp/)

August 2004

